## *Panunuring-Aklat*

### *Ramon Guillermo. (2009).*
### *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*
### *University of the Philippines Press, Quezon City.*

*ni Scheherazade d.C. Vargas*

Ang Pantayong Pananaw (PT) ay isang ideyolohiyang ipinakilala at nagsimulang umiral noong dekada 1980 sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman. Ito ay ipinanganak mula sa isipan ni Dr. Zeus A. Salazar, isang kilalang mananalaysay at noon ay propesor sa kasaysayan. Sentro ng pananaw ng PT ang pagtataguyod at paggamit ng wikang Filipino sa mga talastasan, higit sa lahat sa talastasang-bayan. Nagkaroon din ang PT ng sariling katawagan sa mga gumagamit ng Ingles sa talastasan at sa pagsusulat ng kasaysayan at ito ay binansagan ng mga tagapagtaguyod ng PT bilang "Pangkaming Pananaw" (PK). Makikita sa PT ang pakikipagtalastasan sa 'loob' samantalang ang PK ang pakikipagtalastasan sa 'labas'. Ang mga katergoryang ito ng 'loob' at 'labas' ang isa sa mga tunay na naging kontrobersyal na usapin ng PT. Sa pag-usbong at pag-unlad ng PT, nagkaroon ito ng mga kritiko. Isa sa mga kritiko ng PT ay si Ramon Guillermo, isang guro sa Departamento ng Filipino sa UP Diliman at naging mag-aaral ni Dr. Salazar. Ang kabuuan ng kanyang kritisismo hinggil sa PT ay nasa kanyang salaysay na may pamagat na "Pook at Paninindigan" at bahagi ng kanyang tesis sa Masterado. Kalaunan ito ay inilimbag bilang isang aklat ng UP Press na may pamagat na *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*. Nilalaman ng aklat na ito ang mga saloobin ni Guillermo patungkol sa PT.

Ang aklat ay nahahati sa dalawang pangunahing bahagi--ang "Pook" at ang "Paninindigan". Pangunahing nilalaman ng Pook ang masinsinang pag-usisa pati na rin pagtuligsa sa PT at sa taga-paglalang nitong si Dr. Salazar. Samantala, may kinalaman naman sa kaisipang Sosyalismo/Marxismo gaya ng elemento ng unyonismo at "class" o uri sa lipunan ang ikalawang bahagi ng aklat. Sa Paninindigan, ginamit ni Guillermo sa kanyang pagsusuri ang iba't ibang panitikan na may tema ng sosyalismo, natatangi rito ay ang *Banaag at Sikat* ni Lope K. Santos at *Pinaglahuan* ni Faustino Aguilar. Hindi sang-ayon si Guillermo sa ideyolohiyang PT lalo na sa usapin ng paggamit ng wika, at ang persepsiyong mukhang ipinahihiwatig ng PT na dahil ang Marxismo ay isang Kanluraning

kaisipan at nakasulat sa banyagang wika ay hindi na maaaring tumalab sa kaisipan at kalinangang Pilipino. Sa pagbuo ng kritika ng PT, marami ang ginamit na mga sangguniang aklat at artikulo na tumatalakay sa mga usapin sa kasaysayan, pilosopiya, kalinangan at wika na sinulat ng iba't ibang kilalang manunulat sa kasaysayan, panitikan, at agham panlipunan at kasama rito ang karamihan sa mga sinulat ni Dr. Salazar.

Upang mabigyang diin pa ni Guillermo ang kanyang kritisismo hinggil sa PT, dalawang artikulo ang isinama niya bilang apendise sa aklat. Ang Apendise A na may pamagat na "Pagkataong Pilipino: Isang Teorya sa Lalim ng Banga" ay naglalaman ng pagtingin ng may-akda hinggil sa sanaysay na *Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino* ni Dr. Prospero Covar, isang retiradong antropologo mula sa Departamento ng Antropolohiya ng UP. Ang apendise ay idinagdag sa aklat dahil na rin siguro sa pagtalakay ni Covar ng konsepto ng 'loob' at 'labas' na tinatalakay rin sa PT. Ang Apendise B ay ang isang salin naman ng *Thesen über Feuerbach* (Hinggil kay Feuerbach) ni Karl Marx na isang ambag para sa proseso ng pag-aangkin sa kaisipang Marxismo.

## *Mga Puná sa Pook at Paninindigan*

Sa pagsusulat ng aklat o ng kung ano pa mang babasahin, mahalagang isaalang-alang kung sino ang mambabasa nito. Kung wala ang *audience*, walang saysay ang sinulat. Kung gayon, ang Pook at Paninindigan ay masasabing mayroong natatanging *audience*. Sa prangkahang pag-uusap, ang aklat ni Guillermo, sa sarili kong pagtatasa, ay hindi para sa ordinaryong mambabasa. Halimbawa nito ay ang pagtalakay sa konsepto ng 'loob' at 'labas' pati na rin ang mga diskurso hinggil sa wika ng balana at samu't saring kalinangan. Kung tutuusin, ang *target audience* ng aklat ay yaong mga may kaalaman na sa kasaysayan at agham panlipunan na nakakakilala at nakauunawa sa mga sinulat ng mga mananalaysay at manunulat na gaya nina Renato Constantino, Jose Ma. Sison at marami pang iba, kasama na rito ang mga dayuhang manunulat na nabanggit. Higit sa lahat, tunay na mauunawaan—sasang-ayunan man ito o hindi—ang mga pinupunto ng aklat kung ang mambabasa ay may kaalaman na o nakabasa na ng anumang babasahin tungkol sa Pantayong Pananaw.

Ayon nga kay Dr. Salazar, mainam daw na masaklaw ng bayan ang lahat gamit ang ating wika. Hindi rin naman ipinagkakaila ng tagapagtaguyod ng PT na naghahangad sila ng pagkakaroon ng isang wika at kabihasnan kung saan ang dominante ay ang bayan at kalinangang Pilipino. Ang bayan mismo ang magpapasya ayon na rin sa magiging resulta ng talastasan. Halimbawa, dapat ang Marxismo ay sasaklawin ng bayan at hindi ang kabaligtaran. Isang pag-aambag para rito ay ang pagsasalin sa Filipino ni Dr. Salazar ng *Communist Manifesto*

at pagdadagdag ng mga anotasyon hinggil dito. Kung ikukumpara ang PT sa Marxismo, ang PT ayon kay Salazar ay bukas sa lahat ng ideya at paniniwala ngunit kailangang maangkin ito ng bayan.

Sa Pook at Paninindigan makikita na nakapook si Guillermo sa Marxismo kaya naman malaki ang pagtuligsa niya sa PT na nakapook sa pasya ng talastasang Bayan. Sa kabilang banda, sa bahagi ng Paninindigan, ito ay maayos na nailahad sa paggamit ng mga panitikang sosyalista; malinaw sa may-akda ang ideyolohiyang ipinaliliwanag. Bilang isang Marxista, mukhang para kay Guillermo ay ito lamang ang tamang ideya. Kung sabagay, may kasabihan nga tayo na, "ang punong hitik sa bunga ay siyang pinupukol." Ngunit hindi ba't may dalawang klase ng kritisismo–positibo at negatibo? Sa kanyang pagsusuri ng PT, walang positibong nabanggit si Guillermo at kung meron man, ito ay hindi kapansin-pansin. Sa halip, pinuna niya nang husto ang kahinaan ng PT. (Sana ay kanyang napagtanto na kahit papaano ay kapuri-puri ang pagbubuo ng isang ideyolohiyang matatawag na taal o nagmula sa kaisipang Pilipino.) Sa kanyang pagpuna sa PT, mararamdamang hayagan din niyang pinupuna si Dr. Salazar. Animo baga'y ang PT ay si Dr. Salazar at si Dr. Salazar ay ang PT; si Dr. Salazar at ang PT ay iisa. Baka naman dahil si Dr. Salazar ay dating Marxista at ngayon ay lumalabas na isang pagtalikod sa Marxismo ang ginawa niyang pagbuo ng bago at sariling kaisipan na sa kasalukuyan ay nakatuon sa kaisipang Pilipino? Ganoon pa man, negatibo man o hindi, ang kritikang isinulat ni Guillermo hinggil sa PT at nailathala ng UP Press ay nagsisilbing libreng anunsiyo o *advertisement* para sa Pantayong Pananaw.

Sa bahagi ng Pook, ang mga isyung tinalakay at ang mga katanungan ni Guillermo hinggil sa PT ay makatwiran, subalit hindi naipakita ang kabuuan at kasimplehan ng PT sa pagtalakay sa mga pinitas-pitas na usapin. Dahil bukas ang PT sa iba't ibang ideyolohiya, marami pang maaaring idagdag dito. Bilang isang kritiko ng PT, inaasahan na maipapakita ng may-akda ang kahalagahan o ang kababawan man nito. Subalit mas mauunawaan ang diskursong Guillermo at Salazar sa saling aklat na *Manifesto ng Partido Komunista* ni Dr. Salazar kung saan mababasa ang palitang-kuro sa Internet nina Guillermo at Salazar.

Hindi ko kailangan ang titulong PhD para sabihin na walang paggalang ang pamimintas ni Guillermo kay Dr. Covar sa usapin ng "Lalim ng Banga". Ang tono ng ilan sa kanyang mga pangungusap ay hindi naaayon sa pang-akademikong pagsusuri. Sa pag-aaral ng kasaysayan, binibigyang-pansin kung sino at ano ang perspektiba ng sinulat na salaysay. Tanto ko na isang respetadong akademiko si Dr. Covar sa larangan ng Antropolohiya. Nauunawaan ko rin naman ang punto ni Guillermo na kailangang maging siyentipiko sa pagsusuri at sa paghawak ng mga datos. Marahil, kapag nagsusuri ng mga ideya at

pananaliksik ng iba, tinitingnan niya sa paraang "obhetibo." Ngunit madalas, ang sinulat at ang nagsulat ay hindi mo mapaghiwalay gaya ng sa PT at sa tagapaglalang nito na si Dr. Salazar.

Marami na akong nakilalang matatandang intelektwal na habang tumatanda ay mas nagiging ispiritwal ang pagtingin sa buhay. Ang Lalim ng Banga ay tunay na malalim sapagkat ito ay maituturing din na isang talinghaga. May katwiran ang mga punto ng pagsusuri ni Guillermo sa "Lalim ng Banga" ni Dr. Covar. Subalit may iba pang pagtingin dito. Halimbawa, sa isyu ng kasarian ng iskema ng "Pagkataong Pilipino," hindi diretsahang binabanggit ang mga katawagan sa kasarian ng tao. Sinasabi pa nga ng mga matatanda na bastos kapag binanggit ito kaya naman gumagamit ng metapora para rito gaya ng *flower* para sa kasarian ng babae at *bird* para sa lalaki. Tunay na mahaba at kumplikadong usapin ang pagkatao ng sinuman galing sa anumang lahi. Sa kahuli-hulihan, ito ang masasabi ko—Pabalik na sina Dr. Salazar at Dr. Covar, ang nakababatang kritiko ay papunta pa lang!

## Mga Sangguniang Binanggit


Aguilar, Faustino. (1986 [1907]). *Pinaglahuan*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.

Covar, Prospero. (1998). Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino. Nasa Prospero Covar *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture*. Maynila: NCCA.

Marx, Karl. (1959). Thesen über Feuerbach. Nasa *Marx-Engels Werke 3*. Berlin: Dietz Verlag

Marx, Karl at Friedrich Engels. (2000). *Manifesto ng Partido Komunista* (salin sa Filipino mula Aleman ni Zeus A. Salazar). Lungsod Quezon: Bagong Kasaysayan.

Santos, Lope K. (1970 [1906]). *Banaag at Sikat*. Lunsod Quezon: Manlapaz Publishing Co.



Si **Scheherazade del Castillo-Vargas** ay kasalukuyang mag-aaral ng M.A. Kasaysayan sa UP Diliman at isang *full-time* na nanay sa dalawang batang babae na may gulang na pito at dalawang taon. Natamo niya ang mga digri ng BS Tourism at BA Kasaysayan sa UP Diliman. Nakapagtrabaho siya sa isang environmental NGO at nagsilbing isa sa mga Technical Assistant sa Department of Environment and Natural Resources (DENR) noong panahon ni Sec. Victor Ramos. Nakompleto niya ang coursework tungo sa MS Environmental Studies sa Miriam College.
E-mail: scheherazade_vargas@yahoo.com